

LUNGSOD NG IMUS
2012
LALAWIGAN NG CAVITE

CITY GOVERNMENT OF IMUS

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

ISSUE 4

## ANG UNANG ANIM NA BUWAN SA TAONG 2023



Imus, Mahal kong Bayan
BanAAg

# Talaan ng Nilalaman


3 SOCA 2023
6 Governance
7 Infrastructure
9 Tourism
12 Environment
13 Health
15 Other Sectors




# SOCA

State of the City Address 2023

## Kauna-unahang State of the City Address ni Imus Mayor AA

IMUS City Government Center — Sa kaniyang kauna-unahang State of the City Address (SOCA), inilahad ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang mga tagumpay ng kaniyang administrasyon, isang taon mula nang siya ay manumpa, nitong Hunyo 30, 2023. Ayon kay Mayor AA, ang tagumpay ng kaniyang panunungkulan ay dahil sa pagkakaisa ng mga namumuno sa lungsod at ng mga mamamayang Imuseño.

Sa pamamagitan ng isang audio-visual presentation, iniulat ni Mayor AA ang mga naisakatuparan sa ilalim ng kaniyang five-point agenda — ang kalusugan, edukasyon, at serbisyo publiko, ang mabuting pamamahala, ang pabahay at kabuhayan, ang imprastraktura, at ang kapaligiran.

### Kalusugan, Edukasyon, at Serbisyo Publiko

Kabilang sa mga binigyang-pansin ni Mayor AA ay ang kalusugan ng mga Imuseño sa pamamagitan ng libreng COVID-19 Antigen at RT-PCR tests, apat na bagong ambulansya, libreng breast at cervical cancer screening, at ang pagbuo ng disease surveillance team para sa pagbabantay ng mga nakahahawang sakit.

Agad din niyang itinatag ang City College of Imus, hatid ang libreng vocational courses at ang nakatakdang karagdagang mga kursong Bachelor of Science in Hospitality Management at Tourism Management.

Inilunsad din ni Mayor AA ang Binhing Advincula Scholarship at Educational Assistance para sa pag-aaral ng mga Imuseño.

**ipagpatuloy sa pahina 4**

**Mula sa pahina 3**

Pagdating sa serbisyo publiko, regular na nakapagbibigay ang pamahalaan ng tulong pinansyal, medikal, at pangpalibing katuwang ang Department of Social Welfare and Development. Kabilang din dito ang pamamahagi ng senior citizen's subsidy sa 31,394 na lolo at lola, at centenarian grant sa ika-100 kaarawan ng mga senior citizen.

Inilapit din ng administrasyon Advincula ang libreng legal advice at late birth registration sa bawat barangay sa lungsod. Regular ding nag-iikot ang mga water tankers sa mga kabahayan bilang pansamantalang solusyon sa kakulangan ng suplay ng tubig.  Sa ngayon, 291 magkabiyak naman ang ikinasal ni Mayor AA sa pamamagitan ng Kasalang Imuseño.




## Mabuting Pamamahala

Pinatunayan ng administrasyong Advincula ang pangakong mabuting pamamahala sa pamamagitan ng paglunsad ng iba't ibang mga programa. Una sa listahan ang sinumpaang gobyernong may pananagutan at ang pagpapanatili ng zero ghost employees sa City Hall.

Bahagi rin nito ang pakikipagtulungan sa Maynilad upang maitayo ang Anabu Modular Treatment Plant at inisyal nang masuplayan ng tubig ang humigit-kumulang 13,000 pamilya.

Pinaigting din ang pagsasagawa ng road clearing operations sa pamamagitan ng pagsisigurong walang anumang istraktura o sasakyan ang nakaharang sa mga daan.
Sa programang "AAsenso Ka sa Buwis na Binayad Mo", hinikayat naman ang mga taxpayers na magbayad ng kanilang buwis sa tamang oras habang itinatag naman ang Help Assistance Desk upang mas magabayan ang taxpayers at business owners sa kanilang mga transaksyon.

## Pabahay at Kabuhayan

Unti-unti nang isinasakatuparan ang pagtatayo ng AAruga Residences, isang proyektong pabahay ng administrasyong Advincula sa tulong ng Department of Human Settlements and Urban Development.

Katuwang naman ang pribadong sektor, iba't ibang programang pangkabuhayan ang ipinatupad. Kabilang dito ang paglunsad ng Job Matching, A Sectoral Dialogue kasama ang mga negosyante at namumuhunan, at Business Process Outsourcing Training na tinawag na "Career Forward Training" kabalikat ang TaskUs.

Tuloy-tuloy rin ang pagdaraos ng mga trade fairs, livelihood skills trainings, at ang Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers sa tulong ng Department of Labor and Employment.

## Imprastraktura




Agarang inilatag ni Mayor AA ang kaniyang mga plano para sa pagpapaganda ng mga imprastraktura sa Imus. Binuksan na ang mga panibagong multi-purpose hall ng mga barangay at mga bagong diversion road.

Bahagi rin nito ang pagtatayo ng bagong Birthing Home at Dialysis Center sa Ospital ng Imus, mga super health center, mga karagdagang day care learning center, at pampublikong sementeryo.

Nakatakda na ring maitayo ang tatlong bagong pampublikong paaralang elementarya sa Imus na papangalanang Anastacio S. Advincula Integrated School, Francisca Tirona Benitez Elementary School, at City of Imus Integrated School.

Kasalukuyan namang isinasaayos ang Imus Public Market, pinaiilawan ang mga pangunahing daan at kinukumpuni ang mga lubak, dinaragdagan ang road safety measures, at itinatayo ang Malagasang Flyover sa Open Canal Road.

## Kapaligiran

Upang mapanatili ang kalinisan sa Imus, binuo ng pamahalaan ang Bantay Kalikasan, isang grupo na binubuo ng mga street sweeper at mga eco-aide.

Pinatibay rin ang "No Segregation, No Collection Policy" para sa mas maayos na pagbubukod-bukod at pagreresiklo ng mga basura, kasabay ang dalawang beses sa isang linggong pagkolekta nito. Sa tulong naman ng River Rangers, pinaigting ang paglilinis ng Ilog ng Imus sa pamamagitan ng lingguhang paglilinis.

# GOVERNANCE



## 12,033 negosyo, rehistrado na sa Business One-Stop Shop 2023

IMUS SPORTS COMPLEX — Para mapadali ang pagkuha ng business permits ng mamamayang Imuseño, pansamantalang binuksan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang Business One-Stop Shop sa Imus Sports Complex, Brgy. Poblacion II-A mula Enero 3 – 31, 2023. Sa tala ng Business Permits and Licensing Office, 665 bagong negosyo ang nagparehistro habang 11,368 negosyo ang muling kumuha ng kanilang mga permit ngayong taon. Inaabisuhan naman ng lokal na pamahalaan ang mga negosyante at namumuhunan na magbayad ng buwis at kumuha ng kanilang business permit sa tamang oras upang maiwasan ang pagpapataw ng multa at tuluyang pagpapasara sa kanilang mga establisyimento.



## City of Imus Task Force, inumpisahan na ang tuloy-tuloy na road clearing sa mga daan sa Imus

IMUS, Cavite — Sinimulan na ng City of Imus Task Force for Road Clearing (CITF) ang paglalagay ng clamps at paghahatak sa mga sasakyang nakaharang sa mga pampublikong daan sa Imus nitong Enero 12, 2023. Ang mga may-ari ng mga nasabing behikulo ay binigyan ng Violation Form na kanila namang dinala sa mga tanggapan ng CITF para tubusin ang kanilang sasakyan.

May kaukulang multa ang mga lalabag ayon sa uri ng kanilang sasakyan: P500 para sa two-wheeled at three-wheeled vehicle (motorsiklo, bisikleta, e-bicycle, tricycle, at e-tricycle); P2,000 para sa four-wheeled vehicle (light motor vehicle); P3,000 para sa six-wheeled vehicle (medium motor vehicle); P4,000 para sa eight-wheeled to 10-wheeled vehicle (heavy motor vehicle); at P5,000 para sa 12-wheeled to 20-wheeled vehicle (super heavy motor vehicle).




## Groundbreaking ng 3 paaralan sa Imus, isinagawa

IMUS, Cavite — Pinasinayaan ang pagtatayo ng tatlong bagong pampublikong paaralan sa Imus na tatawaging Anastacio S. Advincula Integrated School, Francisca Tirona Benitez Elementary School, at City of Imus Integrated School nitong Enero 10, 2023.

Nakatakdang itayo ang Anastacio S. Advincula Integrated School sa 5,000 metro kwadrado na lupain sa Jade Residences na ipinagkaloob ng Shangland Development Corp. Magkakaroon ito ng apat na palapag na gusali at 16 na silid-aralan para sa phase one ng proyekto, at may kabuuang apat na gusali na may 64 na silid-aralan.

Galing naman sa Pamahalaang Lungsod ang 5,000 metro kwadrado na lupain sa Greengate para sa Francisca Tirona Benitez Elementary School, na planong maitayo sa phase one ang apat na palapag na gusali na mayroong 20 silid-aralan, mula sa kabuuang limang gusali na kinabibilangan ng 72 silid-aralan.

Samantala, 1.8 ektarya naman ang inilaan para sa City of Imus Integrated School, kung saan unang itatayo rito ang dalawang apat na palapag na gusali na mayroong 32 silid-aralan na pinondohan ng mga tanggapan nina Sen. Francis “Tol” Tolentino at Congressman Adrian Jay “AJ” Advincula. Sa kabuuan, meron itong limang gusali na kinabibilangan ng 110 silid-aralan.

“Ang proyektong ito ay alay namin sa inyo. Sana po ay paka-ingatan, sana po ay paka-alagaan. Ito po ay para sa magandang kinabukasan ng ating mga kabataan. Umasa po kayo, sa larangan ng edukasyon, 100 porsyento ang suporta ng inyong mayor,” saad ni Mayor AA.

## Birthing Home at Dialysis Center, pinasinayaan

OSPITAL ng Imus — Sa pangunguna ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula, ginanap ang pagpapasinaya at pagbabasbas sa bagong Birthing Home at Dialysis Center ng Pamahalaang Lungsod ng Imus nitong Hunyo 29, 2023.

Ayon kay Mayor AA, para ito sa lahat ng mga Imuseñong nangangailangan ng maayos na paanakan at hemodialysis treatment.

Sa tulong ng PhilHealth, maaari nang magpakonsulta at manganak ang mga nagbubuntis nang walang bayad sa nasabing Birthing Home. Bukas ito 24 oras at handang kumalinga sa hanggang anim na pasyente. Nakatakda namang magkaroon ng 30 dialysis machines ang nasabing Dialysis Center.

Inilahad din ni Mayor AA na matagal na niyang pinapangarap ang isang Dialysis Center noong naninilbihan pa lamang siya bilang Congressman. Ipinahayag din niya ang kagustuhang niyang mabigyang-solusyon ang sanhi ng sakit sa bato nang sa gayon ay hindi na ito humantong pa sa pagpapa-dialysis.

Dagdag pa ng alkalde na hiling niyang mabigyan ng maayos na buhay ang mga bata mula sa kanilang kapanganakan hanggang sa pagtatrabaho.




# Groundbreaking ceremony ng bagong McDo Bahay Bulilit sa Imus, isinagawa

ALAPAN I-A, Imus — Pinangunahan ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula ang groundbreaking ceremony ng itatayong bagong Ronald McDonald Bahay Bulilit Learning Center noong Mayo 5, 2023, sa pagtutulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng Ronald McDonald House Charities (RMHC) of the Philippines, Inc. Bahagi nito ang mga kinatawan ng RMHC Philippines na sina Vice President Margot Torres at Executive Director Marie Angeles.

Matatandaang nagbukas ang kauna-unahang Bahay Bulilit sa lungsod noong 2019 sa Brgy. Malagasang I-G. Ang Bahay Bulilit ay isa sa mga programa ng RMHC Philippines na naglalayong makatulong sa mga batang kabilang sa low-income families sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan. Sa kasalukuyan, mayroon nang 38 Bahay Bulilit sa bansa, kabilang na ang naturang itinatayong day care center sa Imus.




# Bagong barangay hall ng Malagasang I-F at Bucandala III, pinasinayaan

IMUS, Cavite – Sa pangunguna ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula, ginanap ang inagurasyon ng mga bagong barangay hall ng Malagasang I-F at Bucandala III nitong Mayo 23, 2023. Dinaluhan ito ni City Vice Mayor Homer Saquilayan, mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod na sina Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Larry Nato, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Atty. Wency Lara, at Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan, Punong Barangay Randy Lara ng Malagasang I-F, Punong Barangay Amado Sarreal ng Bucandala III, at mga barangay kagawad.

Sa pamamagitan ng mga bago at modernong barangay hall, hiling ni Mayor AA na mapabuti pa ang pagseserbisyo sa mga Imuseño.



# TOURISM

## AAni ng Pagmamahal sa Imus ngayong Buwan ng mga Puso

IMUS, Cavite — Isang gabing nabalot ng hiyawan at kantahan ang Imus, kung saan napuno ng ngiti ang mga labi at galak ang mga puso ng mga taong nag-iibigan, programang nagpatunay na sa Imus, AAni ng Pagmamahal.

Sa pakikipagtulungan ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula sa Imus City Information Office at sa Imus City Tourism and Heritage Office, ginanap ang AAni ng Pagmamahal: A Free Valentine Concert nitong Pebrero 10, 2023 sa City of Imus Grandstand and Track Oval.

Tampok dito ang sikat na mang-aawit na si Erik Santos, ang indie band na SunKissed Lola, at ang rock band na Silent Sanctuary. Kasama rin sa nangharana sa humigit-kumulang 18,000 katao at 2,300 Facebook live viewers ang ilang mga musikerong Imuseño.



## 55,000 Imuseño, nakisaya sa AAlab Imus Summer Music Fest 2023

CITY of Imus Grandstand and Track Oval — Tinatayang umabot sa 55,000 Imuseño ang umalab ang gabi sa AAlab Imus Summer Music Fest 2023 nitong Abril 29, 2023. Handog ito ng Pamahalaang Lungsod para sa Kabataang Imuseño.

Sa kaniyang pagbati, inilahad ni Cong. AJ na isa ang libreng concert na ito sa mga daan upang mailayo ang mga kabataan mula sa mga bisyo, lalo na sa banta ng iligal na droga.

Tampok dito ang astig na performances ni Pop Rock Royalty Yeng Constantino, ng mga bandang Hale, at Parokya ni Edgar.

Sinorpresa rin ng sikat na mananayaw na si Jopay, aktor na si Diego Loyzaga, at aktres na si Franki Russell ang mga Imuseño. Hindi rin nagpahuli ang mga musikerong Imuseño na Coherent, The Sun, Joana x Hotspot, si VJ Advincula, at si Jeremiah Tiongco.

Samantala, nakakalap naman ng humigit-kumulang 130,000 views ang live feed ng concert na ipinalabas sa official Facebook page ni Cong. AJ. Pinasalamatan naman ni Mayor AA ang mga tanggapan at grupo na nagtulong-tulong para sa matagumpay na pagdaraos ng nasabing concert.

**Ipagpatuloy sa pahina 10**


**Mula sa pahina 9**

kabilang rito ang City of Imus Tourism and Heritage Office, Imus City Information Office, Office of the City Mayor, Congressman's Office, Imus City Engineering Office, General Services Office, Imus City Health Office, Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office, Imus City Environment and Natural Resources Office, Civil Security Unit, Philippine National Police Imus, Philippine Army, Bureau of Fire Protection Imus, Sangguniang Barangay ng Imus, at mga volunteers.

Bago nagtapos ang AAlab Imus Summer Music Fest, nagpahiwatig si Cong. AJ na muling magkakaroon ng libreng concert sa lungsod sa Disyembre ngayong taon.



**Chito Miranda**
Parokya ni Edgar



## Imus at NHCP pinangunahan ang Pambansang Araw ng Watawat at Ika-125 Anibersaryo ng Labanan sa Alapan

IMUS, Cavite — Ginunita ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP) ang Pambansang Araw ng Watawat at ang ika-125 Anibersaryo ng Labanan sa Alapan nitong Mayo 28, 2023 sa Dambana ng Pambansang Watawat ng Pilipinas (Imus Heritage Park) sa pamumuno ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Tagapangulo ng NHCP na si Dr. Emmanuel Franco Calairo.

Sa bating pambungad ni Mayor AA, nanawagan siya sa kaniyang mga kababayan na hikayatin ang bawat isa, higit ang mga kabataan, na pahalagahan ang kanilang pagkakakilanlan bilang Pilipino.

Binigyang-diin din niya ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sapat na pang-unawa tungkol sa mga isyu na kinakaharap ng bansa. "Himukin natin sila [mga kabataan] na magkaroon ng kamalayan sa mga isyu ng ating bansa dahil mahalaga na manatili tayong mulat at mapagbantay sa pagprotekta sa ating pinaghirapang kalayaan at pinaglabang demokrasya."

Sa naturang selebrasyon, pinangasiwaan ng Philippine Navy ang pagtataas ng watawat. Habang pinangunahan ng panauhing pandangal, Senador Francis Tolentino, ang pag-aalay ng bulaklak sa monumento ni Inang Laya kasama sina Dr. Calairo, Mayor Advincula, at Kinatawan ng Ikatlong Distrito ng Cavite, Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula. Nakiisa rin dito ang mga board member ng Ikatlong Distrito ng Cavite, mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus, sa pangunguna ni City Vice Mayor Homer Saquilayan, department heads, unit heads, at iba pang mga kawani ng lokal na pamahalaan ng Imus.

Sa talumpati nina Sen. Tolentino, Dr. Calairo, at Cong. AJ, iisa ang kanilang mensahe: ang gunitain ang kabayanihan ng mga Himagsikang Pilipinong nagpalaya sa Pilipinas mula sa mga kamay ng mga mananakop na Kastila.



**Ipagpatuloy sa pahina 11**

**Mula sa pahina 10**

Ang taunang paggunita ay nagbibigay-pugay sa kagitingan at katapangan ng mga Pilipinong nakipaglaban para sa kalayaan noong Mayo 28, 1989 sa Labanan sa Alapan. Sa makasaysayang kaganapang ito unang iwinagayway ang watawat ng Pilipinas, dahilan kung bakit tinawag na "Flag Capital of the Philippines" ang Imus.

Ang naturang araw ay panimulang pagdiriwang din ng Proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas sa pamamagitan ng National Flag Days na tumatagal hanggang Araw ng Kalayaan sa Hunyo 12, alinsunod sa Kautusang Ehekutibo Blg. 179, taong 1994.

Sa temang "Kalayaan. Kinabukasan. Kasaysayan," ipinagdiriwang ngayong taon ang ika-125 Anibersaryo ng Proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas.




## Flag-burning ceremony, pinangunahan ng Imus LGU

IMUS Heritage Park — Binigyang pugay ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa huling pagkakataon ang tatlong watawat ng Pilipinas na natapos na ang paninilbihan bilang simbolo ng kalayaan ng bansa nitong Hunyo 11, 2023.

Sa pakikipagtulungan ng Imus City Tourism and Heritage Office sa Boy Scouts of the Philippines at sa Girl Scouts of the Philippines, pinangunahan nina City Vice Mayor Homer Saquilayan, Committee Chair on Tourism Konsehal Jelyn Maliksi, City Administrator Tito Monzon, at Acting City Tourism Officer Dr. Jun Paredes ang seremonya ng pagsusunog ng watawat.

Bago isagawa ang naturang seremonya, itinaas muna ang mga watawat at hinayaang magwagayway sa kahuli-hulihang pagkakataon. Kasabay ng pag-awit ng kantang "Pilipinas Kong Mahal," ibinaba ng Imus Scouting Council ang mga ito.

Ipinaliwanag naman ni City Administrator Monzon ang kahalagahan ng watawat ng Pilipinas habang nagbigay ng mensahe si City Vice Mayor Saquilayan bilang huling parangal sa mga watawat ng Pilipinas.

Nanguna naman ang Key Administrator ng Girl Scouts of the Philippines na si Imus Council Zenaida Lacson sa pagbigkas ng "Panunumpa sa Watawat ng Pilipinas."

Matapos ang seremonya ng pagsusunog, pinangasiwaan ng Philippine National Police Imus ang paglalagay ng abo ng mga watawat sa isang urna at inilibing sa tabi ng monumento ni Inang Laya.

Saksi rin dito ang Department of Education Schools Division Office of Imus City at ang Imus City Information Office.

Alinsunod sa Seksyon 14 ng Batas Republika Blg. 8491 o ang Flag and Heraldic Code of the Philippines, ang mga luma, kupas, at punit na watawat ng Pilipinas ay nararapat na bigyan ng huling pagpupugay sa pamamagitan ng mapitagang seremonya ng pagsusunog o flag-burning ceremony.




# Mayor AA, pinangunahan ang pakikiisa ng Imus sa Earth Day 2023

IMUS, Cavite — Sa mungkahi ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula, nakiisa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagdiriwang ng Earth Day 2023 nitong Abril 22, 2023, sa pamamagitan ng paglunsad sa Balik Basket at Bayong Program at sa pagsasagawa ng sabayang paglilinis sa mga barangay sa Imus.

Ininspeksyon din niya ang mga sapa at kanal na ayon sa kaniya ay mas dadalasan ang paglilinis ng River Rangers ng Imus City Environment and Natural Resources Office (CENRO) tuwing araw ng Sabado. Ito ay dulot na rin ng tumataas na mga naitatalang kaso ng dengue sa lungsod.

Pinuntahan din ni Mayor AA ang Imus Public Market at namahagi ng paunang 200 bayong sa mga mamimili. Isinaad din niya ang lingguhang pamimigay ng mga ito sa iba’t ibang pampublikong pamilihan sa Imus tuwing araw ng Sabado upang mahikayat ang mga mamimili, maging ang mga nagtitinda, na iwasan ang paggamit ng plastik. “Ipakita [natin] na sa Imus, tayo po ay sumusunod sa pagbabawal ng plastik para po sa kalikasan,” pahayag ni Mayor AA sa kaniyang pamamahagi ng mga bayong.

Nagpasalamat din ang punong lungsod sa mga punong barangay at kagawad, sa Imus City Engineering Office, at sa Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office.

Ang pagbabawal ng paggamit ng plastik sa Lungsod ng Imus ay alinsunod sa Ordinansa Blg. 2012-134, o “An Ordinance Prohibiting the Use of Plastic Bags on Dry Goods Regulating its Utilization on Wet Goods and Prohibiting the Use of Styrofoam/Styropor in the City of Imus and Prescribing the Penalties Thereof.”

Patuloy naman ang pagsusulong ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa mga programang makatutulong sa kalikasan tulad ng solid waste segregation, paglilinis ng mga ilog, Basuraffle, eco bricks, at ang araw-araw na pag-iikot ng mga Bantay Kalikasan sa mga pangunahing kalsada sa Imus.




# 9,000 Imuseño, nakatanggap ng libreng serbisyong medikal mula sa Glendale Korean SDA Church at SDA Imus

IMUS, Cavite — Matagumpay na nagtapos ang limang araw na Glendale Korean Seventh-day Adventist (SDA) Church at SDA Imus Medical-Surgical Mission na ginanap sa Imus Pilot Elementary School at sa Ospital ng Imus (ONI) noong Enero 23 – 27, 2023.

Mula sa target na 7,500 Imuseño, umabot sa mahigit 9,000 ang nabigyan ng libreng serbisyong medikal ng medical mission team na kinabibilangan ng mga volunteer mula sa Glendale Korean SDA Church, Imus SDA, Samhyook University, at Korean Union Conference of SDA. Umagapay rin dito ang City Health Office (CHO), ONI, Liga ng mga Barangay, at City Tourism and Heritage Office (CTHO) ng Pamahalaang Lungsod ng Imus.

Sa loob ng limang araw, nabigyan ng iba't ibang atensyong medikal ang mga Imuseño pagdating sa ngipin, mata, general medicine, chiropractic, OB-Gyne, acupuncture, pediatric, at live blood analysis.

Bukod sa pamamahagi ng libreng gamot, naghatid din ang grupo ng libreng operasyon sa katarata at sa cleft lip patients. Noong Enero 22, bago ang pagsasagawa ng aktuwal na medical mission, pormal na sinalubong ng Pamahalaang Lungsod ang mga miyembro ng medical mission team na pinangungunahan nina Elder Young Lee, Dr. Lamber Lee, at Dr. Joseph Kang.
Sila ay binigyan ng paunang pagbati nina City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan, Konsehal Enzo-Asistio Ferrer – Committee Chair on Health, Nutrition, Population, and Sanitation, City Administrator Hertito Monzon, Dr. Gabriel G. Gabriel ng ONI, Dr. Mary Ann Cruz ng CHO, at Dr. Jun Paredes ng CTHO.

Hiling ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na sa pamamagitan ng mga kolaborasyong pangkalusugang gaya nito, ay matugunan pa ang pangangailangang medikal ng mga Imuseño.



# SOCIAL WELFARE

- Bagong paraan ng pamamahagi ng Senior Citizen Subsidy sa Imus, inumpisahan na
- 607 Imuseñong pensiyonado, natanggap na ang paunang UCT
- 75 pamilyang nasunugan sa Imus, hinatiran ng tulong
- Mayor AA at Sen. Bong Go, ininspeksyon ang itinatayong Super Health Center
- 17 bagong service vehicles ng Pamahalaang Lungsod ng Imus
- World Read Aloud Day 2023: Ang Sining at Kasanayan ng Pagbabasa nang Malakas
- Araw ng pasasalamat at kumustahan sa mga Bantay Kalikasan ng Imus
- Nego-Karts ng DOLE, iginawad sa 13 Imuseño
- HAPAG sa Barangay Project ng DILG, inilunsad sa Imus
- Handog na kiddie bikes sa 20 batang Imuseñong may kapansanan mula sa Sun Life
- Passport on Wheels muling umarangkada sa Imus
- Alalay sa Komunidad: Libreng konsultasyon at permit para sa pagpapagawa ng bahay
- 4,140 Imuseño nabigyan ng libreng atensyong medikal
- Tulong medikal ng Imus LGU sa mga Imuseñong may kapansanan
- A Social Media Search for Fully Immunized Chikiting
- Malawakang Pagbabakuna kontra Tigdas, Rubella, at Polio sa Imus, inumpisahan

# EDUCATION

- 211 Imuseño, nakatanggap ng scholarship at educational assistance
- 426 mag-aaral ng City College of Imus, nagsipagtapos

# SPORTS

- Imus RCD AJAA Spikers, kampeon sa CBL Inter-Town Mens Volleyball Season 1
- Inter-barangay 1st AJAA Cup Softball Tournament, inilunsad sa Imus
- First Congressman AJ Cup Inter-cluster Basketball at Volleyball Tournament, pinasinayaan

# AGRICULTURE

- Night Market Agricultural Trade Fair ng mga magsasakang Imuseño

# VETERINARY

- Imus, kaisa sa Rabies Awareness Month 2023

# BUSINESS

- Kauna-unahang Sectoral Dialogue para sa mga negosyo sa Imus, idinaos

# AWARDS AND RECOGNITION

- Imus, kinilala sa Sulong CaLaBaRZon, Sulo ng Kalusugan
- Imus, 2022 Good Financial Housekeeping Passer

# WOMEN'S MONTH

- National Women's Month 2023: Inklusibong Imus para sa lahat ng kasarian
- Emergency First Aid and Disaster Preparedness Seminar for Mothers
- Free Breast at Cervical Cancer Screening para sa Indigent Women
- Healthcare Kits para sa Indigent Senior Citizens
- Buntis Congress: AAgapay kay Nanay para sa Kinabukasang Makulay
- Assistance to Differently Abled Women
- Tinig para sa Kababaihan Singer-Songwriter Contest
- Women's Trade Fair at Livelihood Skills Training
- Building a Gender-Inclusive Workplace

# FIRE PREVENTION MONTH

- Fire Prevention Month 2023: Paalala ng pag-iingat mula sa Imus LGU

# PRIDE MONTH

- Imus Pride 2023, araw ng pagbandera sa pagkakakilanlan ng LGBTQIA+ members


# AWARDS AND RECOGNITION

- Imus, kinilala sa Sulong CaLaBaRZon, Sulo ng Kalusugan
- Imus, 2022 Good Financial Housekeeping Passer

CITY OF **IMUS**


# EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor:**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Ron Diaz

**Photo Credits:**
City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman



IMUS CIO
CITY INFORMATION OFFICE

Inilathala ng:
**IMUS CITY INFORMATION OFFICE**


2F Imus City Goverment Center | Email: imuscityinformationoffice@gmail.com
www.cityofimus.gov.ph